## Mga Uri ng Pang-uri

**Isulat sa loob ng kahon kung ang uri ng pang-uring nakaalungguhit sa bawat pangungusap ay panlarawan o pamilang.**

1. Ang Bagyong Lawin ay ang <u>**pangalawang**</u> bagyo na nanalasa sa Pilipinas sa loob ng isang linggo. ____________
2. Ang Bagyong Lawin ay nagdala ng <u>**napakalakas**</u> na hangin at buhos ng ulan sa mga lalawigan sa Hilagang Luzon. ____________
3. Batay sa isang ulat, humigit sa <u>**isang daan at walumpu't anim na libong**</u> tahanan ang napinsala o nawasak ng Bagyong Lawin. ____________
4. Halos <u>**kalahati**</u> pa lang ng mga linya ng komunikasyon sa rehiyon ng Cordillera at Region II ang gumagana. ____________
5. Humigit sa <u>**sampung bilyong**</u> pisong pananim ang napinsala sa Pilipinas dulot ng Bagyong Karen at Bagyong Lawin. ____________
6. Napaghandaan nang <u>maigi</u> ng pamahalaan at ng **sambayanang Filipino** ang pagdating ng Bagyong Lawin. ____________
7. Nang binalaan sila ng mga awtoridad, pumayag na lumikas ang <u>**masusunurin**</u> na mamamayan na nakatira sa may dalampasigan. ____________
8. Kami ang <u>**ika-sampung**</u> mag-anak na dumating at nagpalipas ng gabi sa *evacuation center.* ____________
9. Sa bawat tawid ng bangka sa ilog, <u>**apat-apat**</u> ang mga tao na naililikas.

   ____________

10. <u>**Tatatlong**</u> pamilya na lang ang hindi pa makabalik sa kanilang mga tahanan.

    ____________